

- Q1: Sino ang maaaring magparehistro?
- Q2: Bakit kailangan kong magparehistro?
- Q3: Paano ako magpaparehistro bilang isang botante?
- Q4: Kung ako ay isang rehistradong botante, paano ko ipagbibigay-alam ang pagbago sa mga detalye ng pagpaparehistro ko, tulad ng rehistradong address, pangalan, address ng email at numero ng telepono?
- Q5: May mga huling araw ba para sa pagpaparehistro ng mga bagong botante at pagbago ng mga detalye ng pagpaparehistro?
- Q6: Maari ba akong makaboto agad-agad pagkatapos kong magparehistro bilang bagong botante?/ Makakaboto ba ako agad sa bago kong nakatalagang presinto pagsumite ko ng bagong rehistradong address?
- Q7: Ano ang pagkakaiba ng dalawang bagong rebisang pormas ng pagpaparehistro ng botante ng konstityuwensyang heograpikal na REO-1 at REO-2? Anong pormas ang dapat kong gamitin?
- Q8: Ilang taon na ang nakakalipas ng ako ay magparehistro. Kailangan ko bang magparehistro muli?
- Q9: Maglalabing-walong taong gulang ako sa katapusan pa ng Setyembre 2019 pero ang huling araw ng pagpaparehistro ay sa 2 Hulyo. Maaari na ba akong magparehistro bilang botante ngayon?
- Q10: Lilipat ako sa isang bagong tirahan sa malapit na hinaharap, dapat ko bang ipagbibigay-alam ngayon sa Tanggapan ng Pagpaparehistro at Pang-eleksyon ang address ng bago kong tirahan?
- Q11: Anong klaseng mga dokumento ang tinatanggap bilang mga patunay ng address?
- Q12: Kung hindi ako makakapagbigay ng mga dokumento na may pangalan ko at address ng tirahan bilang patunay ng address, ano'ng mga alternatibong dokumento ang maaari kong isumite na magsisilbing balidong patunay ng address?
- Q13: Kung ang bagong tirahan ko ay isang bahay sa isang pampublikong paupahang pabahay sa ilalim ng Kagawaran ng Pabahay o pabahay na may tulong-pinansyal sa ilalim ng Samahang Pabahay ng Hong Kong, maaari ba akong malibre sa kinakailangang patunay ng address kapag nag-aaplay ako para sa pagbago ng address?
- Q14: Kung may alam akong taong nagbibigay ng maling impormasyon sa pagrehistro ng mga botante, paano ko ito ipagbibigay-alam sa mga kagawaran ng gobyerno?
- Q15: Kung may taong nagbibigay ng huwad na address ng tirahan sa Tanggapan ng Pagpaparehistro at Pang-eleksyon para sa pagrehistro ng mga botante, o nagbibigay ng mapanlinlang na dokumentong patunay ng address kapag nag-aaplay ng pagbago ng nakarehistrong address, at sa dakong huli ay bumoto sa isang eleksyon, anong batas ang kanyang lalabagin?

Q16: Ako ay bagong dating mula sa Mainland. May karapatan ba akong magparehistro bilang isang botante?

Q17: Paano ko malalaman kung ang mga rekord ko ay naitala ng tama sa rehistro ng mga botante?

Q18. Maaari din bang magparehistro ngayon ang mga taong may karapatang magparehistro bilang botante ng gumaganang konstityuwensya/mga botante ng subsector ng Komite ng Eleksyon?

Q19: May mga pananggalang ba laban sa posibleng pag-abuso ng aking mga personal na datos?

Q20: Nakapagpasa ako ng aplikasyon bilang bagong rehistrong botante/nagbago ng detalye sa aking rehistro. Paano ko malalaman na naiproseso na ito ng Tanggapan ng Pagpaparehistro at Pang-eleksyon?

Q21: Aling kagawaran ba ang dapat kong lapitan para hingan ng tulong kung ako ay marami pang katanungan sa pagpaparehistro bilang botante?

Q1: Sino ang maaaring magparehistro?

A1: Kung ikaw ay isang permanenteng residente ng Hong Kong na 18 taong gulang o higit pa, at karaniwang nakatira sa Hong Kong, ikaw ay karapat-dapat na magpalista bilang isang botante ng konstityuwensyang heograpikal.

Balik sa taas

Q2: Bakit kailangan kong magparehistro?

A2: Kung ikaw ay nakapagparehistro na bilang isang botante ay saka mo lamang maaaring gamitin ang karapatan mong bumoto sa mga eleksyon ng Pambatasang Konseho at Pandistritong Konseho. Karapatan mong iboto ang iyong kinatawan para umupo sa mga lupong ito. Kung ikaw ay karapat-dapat na bumoto sa mga eleksyon ng subsector ng Komite ng Eleksyon, kinakailangan mo ring magparehistro bilang isang botante bago ka maaaring bumoto sa mga eleksyon.

Balik sa taas

Q3: Paano ako magpaparehistro bilang isang botante?

A3: Kung ikaw ay hindi pa rehistradong botante at nais mong mairehistro sa isang konstityuwensyang heograpikal, kailangan mong kumpletuhin ang isang pormas ng aplikasyon "Aplikasyon Para sa Pagpaparehistro ng Bagong Botante (Mga

Konstituyuwensyang Heograpikal)" (REO-1).

- Maaaring makakuha ng "Aplikasyon Para sa Pagpaparehistro ng Bagong Botante (Mga Konstituyuwensyang Heograpikal)" (REO-1) sa mga sumusunod na paraan:

- pagda-download mula sa website na ito;
- fax sa pamamagitan ng pagtawag sa hotline sa 2891 1001; at
- sa mga Tanggapan ng Distrito, mga tanggapan ng tagapagpamahala ng mga pampublikong pabahay at sa Tanggapan ng Pagpaparehistro at Pang-eleksyon.

Mga address ng Tanggapan ng Pagpaparehistro at Pang-eleksyon:

10/F Harbour Centre
25 Harbour Road
Wan Chai
Hong Kong

13/F Kowloonbay International Trade & Exhibition Centre
1 Trademart Drive
Kowloon Bay
Kowloon

Pagkatapos makumpleto at mapirmahan ang pormas ng aplikasyon, maaari mong isumite ang pormas sa pamamagitan ng koreo, fax (numero ng fax: 2891 1180) o email (address ng email: form@reo.gov.hk) sa Tanggapan ng Pagpaparehistro at Pang-eleksyon; o i-upload ang pormas (katibayan ng address kung kinakailangan) sa Tanggapan ng Pagpaparehistro at Pang-eleksyon Online Upload na Plataporma (www.reo-form.gov.hk).

- Kung mayroon kang balidong sertipikong digital na ibinigay ng Koreo ng Hongkong o Digi-Sign Certification Services Limited (mangyaring mag-click dito para sa mga detalye), maari din magpasa ng aplikasyon online sa pamamagitan ng Aplikasyon Para sa Pagpaparehistro ng Botante sa GovHK.

Para makapagrehistro bilang botante ng gumaganang konstituyuwensya at isang botante ng subsector ng Komite ng Eleksyon, mangyaring mag-click dito.

Balik sa taas

Q4: Kung ako ay isang rehistradong botante, paano ko ipagbibigay-alam ang pagbago sa mga detalye ng pagpaparehistro ko, tulad ng rehistradong address, pangalan, address ng email at numero ng telepono?

A4: Simula 1 Pebrero 2018, kung ikaw ay isang rehistradong botante at nais mong ipagbigay-alam ang pagbago ng mga detalye sa pagpaparehistro, kailangan mong kumpletuhin ang pormas ng aplikasyon "Ulat **Ukol sa** Pagbago ng mga Detalye ng isang Botante sa isang Konstityuwensyang Heograpikal)" (REO-2).

Pansinin: Alinsunod sa kaugnay na pangangailangang pambatas, ang mga aplikasyon para sa pagbago ng mga rehistradong address ay kailangang sinusuportahan ng patunay ng address. Maaari kang sumangguni sa A11 hanggang A13 para sa mga katanggap-tanggap na uri ng patunay ng address.

• Maaari kang makakuha ng "Ulat Ukol sa Pagbago ng mga Detalye ng isang Botante sa isang Konstityuwensyang Heograpikal)" (REO-2) sa mga sumusunod na paraan:

- pagda-download mula sa website na ito;
- sa fax sa pamamagitan ng pagtawag sa hotline sa 2891 1001; at
- sa mga Tanggapan ng Distrito, mga tanggapan ng tagapamahala ng mga pampublikong pabahay at sa Tanggapan ng Pagpaparehistro at Pang-eleksyon.

Mga address ng Tanggapan ng Pagpaparehistro at Pang-eleksyon:

10/F Harbour Centre

25 Harbour Road

Wan Chai

Hong Kong

13/F Kowloonbay International Trade & Exhibition Centre

1 Trademart Drive

Kowloon Bay

Kowloon

Pagkatapos makumpleto at mapirmahan ang pormas ng aplikasyon, maaari mong isumite ang pormas, kasama ng isang patunay ng address na inisyu sa loob ng huling tatlong buwan (tumutukoy sa pagbago ng address ng tirahan), sa pamamagitan ng koreo, fax (numero ng fax: 2891 1180) o email (address ng email: form@reo.gov.hk) sa Tanggapan ng Pagpaparehistro at Pang-eleksyon; o i-upload ang pormas (at katibayan ng address) sa Tanggapan ng Pagpaparehistro at Pang-eleksyon Online Upload na Plataporma (www.reo-form.gov.hk).

- Kung mayroon kang balidong sertipikong digital na ibinigay ng Koreo ng Hongkong o Digi-Sign Certification Services Limited (mangyaring mag-click dito para sa mga detalye), maari din magpasa ng aplikasyon online sa pamamagitan ng Aplikasyon Para sa Pagpaparehistro ng Botante sa GovHK.

Maliban sa mga nakasaad sa itaas, kung ikaw ay isang rehistradong botante at nais mong ibigay/i-update ang iyong address sa email para pangasiwaan ang pagtanggap ng koreong pang-eleksyon kaugnay sa mga gawaing pangkampanya ng mga kandidato, maaari mong ibigay ang kaugnay na impormasyon sa Tanggapan ng Pagpaparehistro at Pang-eleksyon sa pamamagitan ng aming Website (http://www.osp.reo.gov.hk/index_e.html) o sa pamamagitan ng email (address ng email: reoenq@reo.gov.hk).

Balik sa taas

Q5: May mga huling araw ba para sa pagpaparehistro ng mga bagong botante at pagbago ng mga detalye ng pagpaparehistro?

A5: Ang mga residenteng karapat-dapat/mga botanteng rehistrado ay maaaring magsumite ng pormas ng aplikasyon para sa pagpaparehistro ng bagong botante/ulat sa pagbago ng mga detalye ng pagpaparehistro sa anumang oras ng taon. Gayunpaman, kung naisin nilang maproseso ang kanilang pagpaparehistro/ma-update ang mga detalye sa rehistro ng mga botante upang mailathala sa parehong siklo, kailangan nilang isumite ang mga pormas ng aplikasyon sa Tanggapang ito sa o bago ang kani-kanilang huling araw na itinakda ng batas na nakalista sa ibaba:

Pagpaparehistro ng Bagong Botante

Taon ng Eleksyon ng Pandistritong Konseho (halimbawa 2019): 2 Hulyo

Taon ng Eleksyon ng Konsehong Hindi Pandistrito (halimbawa 2020): 2 Mayo

Ulat sa Pagbago ng mga Detalye ng Isang Botante

Taon ng Eleksyon ng Pandistritong Konseho (halimbawa 2019): 2 Hunyo

Taon ng Eleksyon ng Konsehong Hindi Pandistrito (halimbawa 2020): 2 Abril

Kung ang mga pormas ng aplikasyon ay naisumite pagkatapos ng mga huling araw na

nakasaad sa itaas, ang mga pangalan at mga address ng tirahan ng mga kaugnay na mga botante ay maaari lamang irekord/i-update sa rehistro ng mga botante na ilalathala sa susunod na siklo ng pagpaparehistro ng botante.

Balik sa taas

Q6: Maari ba akong makaboto agad-agad pagkatapos kong magparehistro bilang bagong botante?/ Makakaboto ba ako agad sa bago kong nakatalagang presinto pagsumite ko ng bagong rehistradong address?

A6: Alinsunod sa kasalukuyang batas, ang Tanggapan ng Pagpaparehistro at Pang-eleksyon ay magtatalaga ng mga konstityuwensya at lugar na pagbobotohan ayon sa kasalukuyang Pinal na Rehistro ng mga Botante, kung saan ito ay ina-update isang beses sa kada taon. Kung mayroong Konsehal ng distrito o Konsehal na naitalaga sa pamamagitan ng pagboto bago maisapubliko ang susunod na Pinal na Rehistro sa Setyembre 2019, ang Tanggapan ng Pagpaparehistro at Pang-eleksyon ay magtatalaga ng mga konstityuwensya at lugar na pagbobotohang naayon sa Pinal na Rehistro na isasapubliko sa Hulyo 2018.

Samakatuwid, ang mga magsusumite ng aplikasyon para sa pagpaparehistro ng bagong botante sa loob ng 2019 na panahon ng pagpaparehistro (halimbawa: simula Mayo 3, 2018 hanggang Hulyo 2, 2019) ay maaari lamang makaboto kapag naisapubliko na ang Pinal na Rehistro ng mga Botante sa Setyembre 2019.

Para sa mga botante na magpapasa para sa pagbabago ng kanilang nakatalang address sa loob ng 2019 na panahaon ng pagpaparehistro (halimbawa: Abril 3, 2018 hanggang Hunyo 2, 2019), kung magkakaroon ng botohan bago ang paglabas ng Pinal na Rehistro ng mga Botante sa Setyembre 2019, sila ay maaring bumoto sa dati nilang presinto base sa luma nilang rehistradong address (halimbawa: ang address nila sa Pinal na Rehistro ng mga Botante noong 2018).

Q7: Ano ang pagkakaiba ng dalawang bagong rebisang pormas ng pagpaparehistro ng botante ng konstityuwensyang heograpikal na REO-1 at REO-2? Anong pormas ang dapat kong gamitin?

A7: Simula 1 Pebrero 2018, ang mga miyembro ng publiko ay dapat gumamit ng kaukulang pormas ng aplikasyon depende kung sila ay rehistradong botante. Ang

isang miyembro ng publiko na hindi pa rehistradong botante ngunit nagnanais na mairehistro sa isang konstityuwensyang heograpikal ay dapat gumamit ng "Aplikasyon Para sa Pagpaparehistro ng Bagong Botante (Mga Konstityuwensyang Heograpikal)" (REO-1); ang isang rehistradong botante na kailangang magbigay-alam ng pagbago ng kanyang mga detalye ay dapat gumamit ng "Ulat Ukol sa Pagbago ng mga Detalye ng isang Botante sa isang Konstityuwensyang Heograpikal" (REO-2).

Maaari kang mag-log in sa Online na Sistema ng Pagtatanong ng Impormasyon ng Botante (www.voterinfo.gov.hk) o tumawag sa hotline ng Tanggapan ng Pagpaparehistro at Pang-eleksyon sa 2891 1001 upang tingnan kung ikaw ay rehistradong botante, o kung ang mga detalye ng pagpaparehistro mo ay tama o hindi.

Balik sa taas

Q8: Ilang taon na ang nakakalipas ng ako ay magparehistro. Kailangan ko bang magparehistro muli?

A8: Kung nakapagpalista ka na bilang isang botante dati, hindi ka na kailangang magparehistro ulit. Maaari kang mag-log in sa Online na Sistema ng Pagtatanong ng Impormasyon ng Botante (www.voterinfo.gov.hk) o tumawag sa hotline ng Tanggapan ng Pagpaparehistro at Pang-eleksyon sa 2891 1001 upang tingnan kung ang mga detalye ng pagpaparehistro mo ay tama o hindi.

Para sa mga botanteng may mga maling detalye ng pagpaparehistro, ang kalagayan ng kanilang pagpaparehistro at ang pagiging karapat-dapat na bumoto ay maaaring maapektuhan. Mangyaring kumpletuhin ang "Ulat Ukol sa Pagbago ng mga Detalye ng isang Botante sa isang Konstityuwensyang Heograpikal" (REO-2) at isumite ang pirmado at kumpletong pormas, kasama ng patunay ng address na inisyu sa loob ng huling tatlong buwan (tumutukoy sa pagbabago ng address ng tirahan), sa REO para sa anumang pagbabago sa mga detalye ng iyong pagpaparehistro lalo na ang address ng tirahan, upang ma-update ng REO ang iyong mga rekord.

Balik sa taas

Q9: Maglalabing-walong taong gulang ako sa katapusan pa ng Setyembre 2019 pero ang huling araw ng pagpaparehistro ay sa 2 Hulyo. Maaari na ba akong magparehistro

bilang botante ngayon?

A9: Kung naabot mo ang 18 taong gulang sa o bago ang 25 Setyembre 2019 kung kailan ang huling rehistro para sa 2019 ay ilalathala, at kung ikaw ay isang permanenteng residente ng Hong Kong, ikaw ay karapat-dapat na magparehistro bilang isang botante ngayon.

Balik sa taas

Q10: Lilipat ako sa isang bagong tirahan sa malapit na hinaharap, dapat ko bang ipagbigay-alam ngayon sa Tanggapan ng Pagpaparehistro at Pang-eleksyon ang address ng bago kong tirahan?

A10: Kailangan mong kumpletuhin ang "Ulat Ukol sa Pagbago ng mga Detalye ng isang Botante sa isang Konstituyensyang Heograpikal" (REO-2) at isumite ang pirmado at kumpletong pormas, kasama ang patunay ng address na inisyu sa loob ng huling tatlong buwan, sa Tanggapan ng Pagpaparehistro at Pang-eleksyon pagkatapos mong lumipat ng tirahan. Kung ikaw ay nagsumite ng ulat ng pagbabago sa iyong tirahan sa o bago ang itinakdang panahon na maari lamang magpabago ng detalye sa iyong rehistro sa panahon ng 2019 pagpapatala (halimbawa: sa o bago ang Hunyo 2, 2019), ang bago mong address ay makikita sa Pinal na Rehistro ng mga Botante para sa 2019.

Balik sa taas

Q11: Anong klaseng mga dokumento ang tinatanggap bilang mga patunay ng address?

A11: Ang Tanggapan ng Pagpaparehistro at Pang-eleksyon ay tumatanggap ng mga dokumentong nakasaad sa ibaba na inisyu sa loob ng huling tatlong buwan (ang petsa ng pagtanggap ng Tanggapan ng Pagpaparehistro at Pang-eleksyon ang siyang ituturing na petsa ng pagsumite ng pormas), na nagtataglay ng petsa ng pag-isyu at pangalan ng organisasyong nag-isyu, bilang balidong patunay ng address. Ang mga kaugnay na dokumento ay dapat na nagtataglay din ng pangalan ng botante at prinsipal na address ng tirahan (ang pangalan at address na nakatatak sa dokumento ay dapat pareho ng nasa pormas ng aplikasyon):

1. mga bayarin o resibong galing sa mga pampublikong lupon (hal. mga bayarin sa tubig, kuryente o mga serbisyo ng Towngas);
2. liham mula sa mga kagawaran ng gobyerno o Hukuman;
3. mga pahayag o liham na inisyu ng mga bangko, mga kompanya ng seguro o mga Inaprubahang Tagapangalaga ng Ipinag-uutos na Pondo sa Pag-alaga;
4. mga bayarin sa landline na telepono, teleponong selyular, bayad na serbisyo ng telebisyon o internet;
5. mga dokumento o mga bayaring inisyu ng mga lokal na institusyon pagkatapos ng sekondarya kung saan maaaring umasa sa pagkumpirma ng tirahan ng botante;
6. balido at "naselyohang" (para sa buwis na nangangailangan ng selyo) kasunduan sa pangungupahan (ang batayan na kailangang na-isyu ito sa loob ng tatlong buwan bago ang petsa ng pagsumite ng aplikasyon ay hindi ipinag-uutos ngunit ang pangungupahang ito ay kailangang nakapaloob sa petsa ng aplikasyon); o
7. mga bayarin, liham o ibang dokumento na inisyu ng mga pampublikong organisasyon tulad ng Awtoridad sa Ospital, Kagawaran ng Pabahay, Samahang Pabahay ng Hong Kong, Awtoridad sa mga Eksaminasyon at Halaga sa Hong Kong, at iba pa.

Balik sa taas

Q12: Kung hindi ako makakapagbigay ng mga dokumento na may pangalan ko at address ng tirahan bilang patunay ng address, ano'ng mga alternatibong dokumento ang maaari kong isumite na magsisilbing balidong patunay ng address?

A12: Maliban sa sariling patunay ng address ng botante, ang Tanggapan ng Pagpaparehistro at Pang-eleksyon ay tumatanggap din ng mga dokumentong nakasaad sa ibaba na inisyu sa loob ng huling tatlong buwan (ang petsa ng pagtanggap ng Tanggapan ng Pagpaparehistro at Pang-eleksyon ang siyang ituturing na petsa ng pagsumite ng pormas), na nagtataglay ng petsa ng pag-isyu at pangalan ng organisasyong nag-isyu, bilang balidong patunay ng address:

- Isang patunay ng address na nagtataglay ng pangalan at address ng tirahan ng taong nakatira kasama ng botante, at isang deklarasyong pirmado ng botante na nagkukumpirma na ang taong ito ay nakatira kasama ng botante sa parehong address na nabanggit sa itaas at ang nakalakup na patunay ng address ay isang kumpleto at tunay na kopya o totoong kopya ng orihinal. Ang halimbawa ng deklarasyon ay maaaring i-download mula sa website ng Tanggapan ng Pagpaparehistro at Pang-eleksyon (<http://www.reo.gov.hk/en/voter/dra.htm>).
- Kung ang botante ay hindi makapagbigay ng anumang dokumentong nakalista sa itaas, ang Tanggapan ng Pagpaparehistro at Pang-eleksyon ay tumatanggap din ng deklarasyong ayon sa batas na ibinigay ng botante at ginawa sa harap ng Kinatawan ng Panunumpa/isang nagsasanay na abogado/isang Hukom ng Kapayapaan upang patunayan ang pahayag ng paninirahan sa address ayon sa mga Ordinansa ng Panunumpa at Deklarasyon (Cap.11). Ang libreng serbisyo para gumawa ng sinumpaang deklarasyon ay makukuha sa mga Tanggapan ng Distrito. Ang mga halimbawa ng mga deklarasyong ayon sa batas ay maaaring i-download sa website ng Tanggapan ng Pagpaparehistro at Pang-eleksyon (<http://www.reo.gov.hk/en/voter/dra.htm>).

Balik sa taas

Q13: Kung ang bagong tirahan ko ay isang bahay sa isang pampublikong paupahang pabahay sa ilalim ng Kagawaran ng Pabahay o pabahay na may tulong-pinansyal sa ilalim ng Samahang Pabahay ng Hong Kong, maaari ba akong malibre sa kinakailangang patunay ng address kapag nag-aplay ako para sa pagbago ng address?

A13: Para sa mga botante na awtorisadong nakatira sa pampublikong paupahang pabahay sa ilalim ng Kagawaran ng Pabahay o mga rehistradong residente sa pangungupahan ng pabahay na may tulong-pinansyal sa ilalim ng Samahan ng Pabahay sa Hong Kong na nag-aaplay ng pagbago ng rehistradong address, at ang mga address sa talaan ng pangungupahan ay tumutugma sa mga address na ibinigay ng mga botante, ang kinakailangang patunay ng address para sa mga naturang mga botante ay maaaring ilibre.

Gayunpaman, ang mga residente ng mga yunit ng pabahay sa ilalim ng Iskemang Pagmamay-ari ng Tahanan, Berdeng Pormas Tulong Pabahay na Iskemang Pagmamay-ari ng Tahanan o mga yunit ng pampublikong pabahay na naibenta (halimbawa, mga bahay sa ilalim ng Iskemang Pagbili ng mga Nangungupahan) ay hindi saklaw ng pagkalibre at ang mga kinauukulang botante ay dapat magbigay ng mga balidong patunay ng address.

Sa mga kaso kung saan hindi masuri ng Opisyal ng Pagpaparehistrong Pang-eleksyon ang mga detalye ng isang botante sa pagtutugma ng datos sa kinauukulang kagawaran/organisasyon, ang botante ay kailangang magbigay ng patunay ng address kapag nag-aaplay ng pagbago ng rehistradong address sa ilalim ng Seksyon 10A ng Regulasyon ng Komisyon sa mga Usaping Pang-eleksyon (Pagpaparehistro ng mga Botante) (Pambatasang Konseho ng mga Konstituyensyang Heograpikal) (Mga Konstituyensyang ng Pandistritong Konseho) (Cap. 541A).

Balik sa taas

Q14: Kung may alam akong taong nagbibigay ng maling impormasyon sa pagrehistro ng mga botante, paano ko ito ipagbibigay-alam sa mga kagawaran ng gobyerno?

A14: Ang umiiral na kaayusan sa pagpaparehistro ng botante ay nakasalalay sa isang mekanismo ng tapat na pagsusumite upang makamit na maitaguyod ang pagpaparehistro ng mga tao. Ang mga karapat-dapat na tao para mairehistro o mga rehistradong botante ay dapat magbigay ng totoo at tumpak na impormasyon sa pagpaparehistro o pag-uulat ng pagbago ng mga detalye ng pagpaparehistro. Kung ang mga pampublikong miyembro ay nakatagpo ng mga kahina-hinalang kaso, maaari silang magsumite ng mga reklamo sa Tanggapan ng Pagpaparehistro at Pang-eleksyon na siyang agad na mag-aasikaso at magsasangguni ng mga kaso sa mga ahensyang nagpapatupad ng batas para sa pagsisiyasat kung naangkop. Ang pangkalahatang publiko ay hindi dapat lumabag sa mga batas.

Balik sa taas

Q15: Kung may taong nagbibigay ng huwad na address ng tirahan sa Tanggapan ng Pagpaparehistro at Pang-eleksyon para sa pagrehistro ng mga botante, o nagbibigay ng mapanlinlang na dokumentong patunay ng address kapag nag-aaplay ng pagbago ng nakarehistrong address, at sa dakong huli ay bumoto sa isang eleksyon, anong batas ang kanyang lalabagin?

A15: Ang isang taong sadya o walang ingat na gumagawa ng mali o nakaliligaw na impormasyon (halimbawa, maling address ng tirahan) sa Tanggapan ng Pagpaparehistro at Pang-eleksyon, kahit na ang taong iyon ay bumoto sa isang halalan o hindi, ay nagkasala sa ilalim ng batas.

Kung sa dakong huli ang tao ay bumoto sa isang halalan, siya ay lalabag sa seksyon 16 ng Ordinansa ng mga Eleksyon (Korap at Iligal na Pag-uugali) (Cap. 554), na ipinatutupad ng Independenteng Komisyon Laban sa Korapsyon. Ang pinakamataas na parusa ay multa na \$500,000 at pagkabilanggo sa loob ng 7 taon.

Bukod dito, kung ang isang botante ay gumagawa o nagbibigay ng isang mapanlinlang na patunay ng address at may balak na tanggapin ito ng Opisyal ng Pang-eleksyong Pagpaparehistro bilang isang balidong patunay ng address, siya ay nagkasala ng palsipikasyon. Alinsunod sa seksyon 71 ng Ordinansa ng mga Krimen (Cap. 200), ang isang taong nagkasala ng palsipikasyon ay mananagot sa paghatol sa pagsasakdal ng pagkabilanggo sa loob ng 14 na taon.

Balik sa taas

Q16: Ako ay bagong dating mula sa Mainland. May karapatan ba akong magparehistro bilang isang botante?

A16: Lahat ng permanenteng residente ng Hong Kong na 18 taong gulang o higit pa na karaniwang naninirahan sa Hong Kong ay maaaring mag-aplay para sa pagpaparehistro bilang isang botante.

Balik sa taas

Q17: Paano ko malalaman kung ang mga rekord ko ay naitala ng tama sa rehistro ng mga botante?

A17: Isang pinal na rehistro ng mga botante ang inilathala para sa pampublikong

inspeksyon nang walang bayad mula 25 Hulyo 2018 hanggang sa hinaharap. Maaaring suriin ng mga rehistradong botante kung ang mga detalye ng kanilang pagpaparehistro ay wastong naitala sa rehistro ng mga botante o hindi. Maaari mong suriin ang iyong pinakabagong mga detalye sa pagpaparehistro sa pamamagitan ng Online na Sistema ng Pagtatanong ng Impormasyon ng Botante (www.voterinfo.gov.hk) o tumawag sa hotline ng Tanggapan ng Pagpaparehistro at Pang-eleksyon sa 2891 1001.

Balik sa taas

Q18. Maaari din bang magparehistro ngayon ang mga taong may karapatang magparehistro bilang botante ng gumaganang konstituyuwenta/ mga botante ng subsector ng Komite ng Eleksyon?

A18: Ang mga taong karapat-dapat na mairehistro sa mga gumaganang konstituyuwenta/mga subsector ng Komite ng Eleksyon ay maaari ring magparehistro ngayon. Kung ipapasa nila ang kanilang mga pormas ng aplikasyon sa o bago ang 2 Hulyo 2019, ang kanilang mga pangalan ay irekord sa huling rehistro ng mga botante para sa mga gumaganang konstituyuwenta na ilalathala sa Setyembre 2019. Kung gagawin nila ito pagkatapos ng huling araw, ang kanilang mga pangalan ay mairerekord lamang sa rehistro ng mga botante na ilalathala sa kasunod na taon.

Para sa mga detalye ng pagpaparehistro bilang botante ng gumaganang konstituyuwenta/ botante na miyembro ng subsector ng Komite ng Eleksyon, maaring i-click ito [[hyperlink sa Mga Madalas Itanong sa FC/SS rehistrasyon](#)]

Balik sa taas

Q19: May mga pananggalang ba laban sa posibleng pag-abuso ng aking mga personal na datos?

A19: Makatitiyak ka na ang impormasyong ibinigay ng isang botante ay gagamitin lamang para sa pagpaparehistro ng botante at mga layuning may kinalaman sa halalan. Ang Tanggapan ng Pagpaparehistro at Pang-eleksyon ay gumagamit ng lahat ng posibleng paraan upang matiyak na ang ganitong datos ay hindi magagamit sa maling paraan. Ang mga rehistro na nailathala para sa pampublikong inspeksyon ay naglalaman lamang ng pangalan at tirahan ng mga rehistradong tao ngunit hindi ang kanilang numero ng pagkakakilanlan o numero ng contact ng telepono. Ang paggamit ng anumang impormasyon sa isang rehistro para sa isang layunin maliban sa isang

layuning may kaugnayan sa isang halalan ay isang pagkakasala sa ilalim ng kasalukuyang batas pang-eleksyon, at mananagot ng multa sa antas 2 at sa pagkabilanggo sa loob ng 6 na buwan.

Balik sa taas

Q20: Nakapagpasa ako ng aplikasyon bilang bagong rehistrong botante/nagbago ng detalye sa aking rehistro. Paano ko malalaman na naiproseso na ito ng Tanggapan ng Pagpaparehistro at Pang-eleksyon?

A20: Ang Tanggapan ng Pagpaparehistro at Pang-eleksyon ay magpapadala ng abisong liham tungkol sa rehistrasyon sa pamamagitan ng koreo pagkatapos makumpleto ang pagproproseso ng aplikasyon para sa bagong rehistrong botante or pagbabago ng detalye sa kanyang rehistro. Karagdagan sa liham ng abiso, ang mga botanteng nag-ulat ng mga pagbabago ay makakatanggap ng SMS/Email (kung ang botante ay nagbigay ng naturang impormasyon) na ang kanilang mga detalye sa pagpaparehistro ay na-update na. Ang mga botante ay maaari ring mag-log on sa "Online na Sistema ng Pagtatanong ng Impormasyon ng Botante" ng aming opisina sa pamamagitan ng www.voterinfo.gov.hk upang suriin ang kanilang sariling rekord.

Balik sa taas

Q21: Aling kagawaran ba ang dapat kong lapitan para hingan ng tulong kung ako ay marami pang katanungan sa pagpaparehistro bilang botante?

A21: Para sa mga katanungan, malugod kang makakatawag sa hotline ng Tanggapan ng Pagpaparehistro at Pang-eleksyon sa 2891 1001 o mag email sa amin sa reoeng@reo.gov.hk para sa karagdagang impormasyon.

Balik sa taas

2007 karapatang magpalathala | Mahalagang mga Paunawa
Huling petsa ng pagbabago: Setyembre 2018